

# Batas sa Mga Hayop para sa Emosyonal na Suporta at Patas na Pabahay



## FAQ

**Ang Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ay ang ahensiya ng mga karapatang sibil sa California. Kasama sa mga batas na ipinapatupad ng CRD ang Batas sa Patas na Trabaho at Pabahay at ang mga ipinapatupad na regulasyon nito.<sup>1</sup>**

Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga nangungupahan at residente laban sa diskriminasyon batay sa kapansanan, at iniaatas ng mga ito sa mga landlord, kompanya sa pamamahala ng ari-arian, asosasyon ng mga may-ari ng bahay, at iba pang provider ng pabahay na makatuwirang paunlakan ang mga taong may mga kapansanan para magamit at matamasa nila ang oportunidad sa pabahay. Kapag hindi pinapayagan ng isang provider ng pabahay ang mga alagang hayop o nililimitahan nito ang uri, laki, o bilang ng alagang hayop na maaaring alagaan ng sinuman, pangkalahatang iniaatas ng batas ng California sa provider ng pabahay na magbigay ng makatuwirang pagpapaunlak sa isang taong may kapansanan para makapagbigay-daan sa kanyang mamuhay nang may kasamang hayop para sa emosyonal na suporta (emotional support animal, ESA) na tumutulong sa taong iyon sa pamamahala ng kanyang kapansanan.

Para tulungan ang mga provider ng pabahay, nangungupahan, residente, at iba pa na maunawaan at masunod ang batas ng California, nagbibigay ang CRD ng mga kasagutan sa mga madalas itanong tungkol sa mga ESA.

## 1 | Alagang hayop ba ang ESA?

Hindi. Ang ESA ay isang hayop na nagbibigay ng emosyonal, kognitibo, o iba pang katulad na suporta sa isang taong may kapansanan para tulungan siya sa pamamahala ng mga sintomas ng kanyang kapansanan. Tinutukoy din ang mga ESA bilang mga pampaginhawang hayop o pansuportang hayop.<sup>2</sup>

## 2 | Ang ESA ba ay isang panserbisyong hayop?

Hindi. Naiiba ang ESA sa panserbisyong hayop. Tumutukoy ang panserbisyong hayop sa isang hayop na sinanay para magsagawa ng mga partikular na gawain para tulungan ang isang indibidwal na may kapansanan, kasama ang kapansanang pisikal, sa pandama, pangkaisipan, intelektuwal, o iba pang kapansanan sa pag-iisip. Halimbawa, ang mga asong panggabay ay mga panserbisyong hayop na tumutulong sa mga taong bulag o mahina ang paningin sa nabigasyon, at ang mga asong panghudyat ay mga panserbisyong hayop na nag-aalerto sa mga indibidwal na bingi o nahihirapang makarinig tungkol sa mga tunog. Hindi panserbisyong hayop ang ESA dahil hindi partikular na sinanay ang ESA para tulungan ang taong may kapansanan.<sup>3</sup> Para sa mga tuntuning nalalapat sa mga panserbisyong hayop, na hindi saklaw ng Mga Madalas Itanong na ito, sumangguni sa Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, seksyon 12185.

1 Kodigo ng Gobyerno § 12900 et seq.; Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 11000 et seq.

2 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12005(d).

3 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12005(d).

### 3 | Maaari bang pagbawalan ng mga provider ng pabahay na magkaroon ng ESA ang isang nangungupahan o residente?

Pinapayagan ang mga provider ng pabahay na magkaroon ng mga tuntunin hinggil sa mga alagang hayop, kasama ang pagbabawal ng mga alagang hayop; pagbabawal ng mga partikular na uri ng halagang hayop, tulad ng malalaki o mababangis na hayop; o pagbabawal ng nakakaistorbong aktibidad na dulot ng mga alagang hayop, tulad ng walang tigil na pagtahal.<sup>4</sup> Gayunpaman, kung may pangangailangan para sa isang ESA na nauugnay sa kapansanan ang isang nangungupahan o residente, dapat payagan ng provider ng pabahay ang tao na mag-alaga ng hayop bilang makatuwirang pagpapaunlak, maliban kung maipapakita ng provider ng pabahay na may nalalapat na pagbubukod.<sup>5</sup>

### 4 | Ano ang makatuwirang pagpapaunlak?

Ang makatuwirang pagpapaunlak ay isang kinakailangang pagbabago sa mga tuntunin o patakaran ng provider ng pabahay na nagbibigay-daan sa isang taong may kapansanan na magkaroon ng pantay na oportunidad na magamit at matamasa ang pabahay. Kapag ang isang provider ng pabahay ay may mga tuntuning naglilimita sa uri, laki, o bilang ng alagang hayop, at humiling ng makatuwirang pagpapaunlak ang isang nangungupahan o residente na mag-alaga ng ESA, dapat pahintulutan ng provider ng pabahay ang ESA o agad itong makibahagi sa tinatawag na “interaktibong proseso” kasama ang nangungupahan o residente para matukoy kung pahihintulutan ba ang ESA.<sup>6</sup>

### 5 | Kung humiling ang sinuman ng makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng ESA, anong uri ng dokumentasyon ang maaaring hilingin ng provider ng pabahay?

Kung hindi halata o madaling makita ang kapansanan (o ang pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak) ng nangungupahan o residente, maaaring (pero hindi kinakailangang) humiling ang provider ng pabahay ng dokumentasyon para suportahan ang kahilingan ng tao para sa makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng ESA. Gayunpaman, hindi iniaatas sa nangungupahan o residente na isiwalat ang kanyang kapansanan; sa halip, kailangan lang niyang magsiwalat ng sapat na impormasyon para maidokumento ang kanyang pangangailangan para sa ESA na nauugnay sa kapansanan.<sup>7</sup> Maaaring kasama sa mapanghahawakang dokumentasyon ng kapansanan at/o pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng ESA ng isang indibidwal ang sariling kapani-paniwalang pahayag ng indibidwal o dokumentasyon ng resibo ng mga benepisyo sa kapansanan. Dagdag dito, maaaring magmula ang dokumentasyon sa sinumang mapagkakatiwalaang ikatlong partido na nasa posisyong malaman ang tungkol sa kapansanan ng indibidwal o pangangailangan para sa ESA na nauugnay sa kapansanan, tulad ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, therapist, social worker, provider ng serbisyo hindi medikal, miyembro ng grupo para sa suporta sa kapwa, magulang, anak, o iba pang kamag-anak.<sup>8</sup> Ang pagtukoy kung mapagkakatiwalaan ba ang isang ikatlong partido ay batay sa sitwasyon at maaaring

4 Pinoprotektahan ng ilang batas ang kakayahan ng mga indibidwal na mag-alaga ng mga hayop sa mga partikular na uri ng pabahay. Halimbawa, iniaatas ng Batas ng California sa Pabahay na Nagpapaunlak sa Alagang Hayop (California Pet Friendly Housing Act) (Batas sa Kalusugan at Kaligtasan § 50466) sa mga ari-ariang pinopondohan ng Departamento sa Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad ng California mula 2018 o pagkalipas nito na pangkalahatang payagan ang mga residente na mag-alaga ng mga hayop. Katulad nito, pangkalahatang pinapayagan ng pederal na batas ang mga residente na mag-alaga ng mga hayop sa mga “pampublikong” pabahay para sa mabababa ang kita (42 U.S.C. § 1437z-3) at sa mga pinapapahang pabahay na may pederal na subsidiya para sa mga nakatatanda o taong may mga kapansanan (12 U.S.C. § 1701r-1 at 24 C.F.R. § 5.300 et seq.).

5 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, §§ 12176 – 12180.

6 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, §§ 12176 – 12180.

7 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12178.

8 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12178(a)-(e).

isaalang-alang dito ang nalalaman ng ikatlong partido sa kapansanan ng indibidwal at/o sa pangangailangan para sa ESA na nauugnay sa kapansanan.<sup>9</sup>

### 6 | Dapat bang nakarehistro ang ESA para maging kwalipikado ito para sa makatuwirang pagpapaunlak?

Hindi. Walang legal na pangangailangan na dapat ay “nakarehistro” or “sertipikado” ang isang hayop para makapaglingkod ito bilang ESA. Ang mga negosyong nagsasabing nagrerehistro o nagpapatunay ang mga ito ng mga ESA ay naniningil para sa serbisyong hindi kinakailangan para maitaguyod ang pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak.

### 7 | Mapanghahawakang naitataguyod ba ng mga online na sertipikasyon o ID card, o tag o vest na isinusuot ng isang hayop ang pangangailangan ng sinuman para sa ESA na nauugnay sa kapansanan?

Tulad ng mas ganap na naipaliwanag sa Mga Madalas Itanong #5, kung hindi halata o madaling makita ang kapansanan o ang pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak ng sinuman, maaaring humiling ang provider ng pabahay ng dokumentasyon para suportahan ang kahilingan ng tao. Maaaring kasama sa mapanghahawakang dokumentasyon ng kapansanan ng indibidwal at/o ng kanyang pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng ESA ang dokumentasyon mula sa sinumang mapagkakatiwalaang ikatlong partido na nasa posisyong malaman ang tungkol sa kapansanan ng indibidwal o pangangailangan para sa ESA na nauugnay sa kapansanan. Sa pangkalahatan, hindi mapanghahawakang naitataguyod ng vest o tag na suot ng hayop, kard ng pagkakakilanlan ng ESA, o sertipikong tumutukoy sa hayop bilang isang ESA ang kapansanan o pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak, kung ang mga ito lang ang gagamitin. Gayunpaman, maraming lehitimo at lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na naghahatid ng mga serbisyo sa internet. Maaaring mapanghahawakang maitaguyod ng dokumentasyon mula sa isang online na serbisyong batay sa isang “indibidwal na pagtatasa” na isinagawa ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang kapansanan o pangangailangan para sa makatuwirang pagpapaunlak. Para sa layuning ito, tumutukoy ang “indibidwal na pagtatasa” sa isang pagtatasang batay sa impormasyon na nagpapakitang may kapansanan ang indibidwal, naglalarawan ng kinakailangang pagpapaunlak (kasama ang uri ng hayop), at naglalarawan ng kaugnayan sa pagitan ng kapansanan ng indibidwal at kung paano naging kinakailangan ang hinihiling na pagpapaunlak para mabigyan ang indibidwal na may kapansanan ng pantay na oportunidad para magamit at matamasa ang oportunidad sa paninirahan o pabahay.

Kung magbibigay ang sinumang humihiling ng ESA ng sertipikasyon o iba pang item na hindi sapat na nagdodokumento ng kanyang kapansanan o pangangailangan para sa ESA o hindi batay sa indibidwal na pagtatasa, hindi basta-bastang matatanggihan ng provider ng pabahay ang kahilingan para sa makatuwirang pagpapaunlak; sa halip, dapat payagan ang indibidwal na magbigay ng iba pang mapanghahawakang impormasyon.<sup>10</sup>

9 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12178(f)-(g).

10 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12185(c).

### 8 | Kailan maaaring tanggihan ng provider ng pabahay ang kahilingan para sa ESA na tumutulong sa sinuman na pamahalaan ang kanyang kapansanan?

Matapos maipakita ng isang nangungupahan o residente na mayroon siyang pangangailangan para sa ESA na nauugnay sa kapansanan, maaari lamang tumanggi ang provider ng pabahay sa mga sumusunod na limitadong pangyayari: (a) kapag magdudulot ang pagpapahintulot ng ESA ng hindi nararapat na pinansiyal at administratibong pasanin para sa provider ng pabahay, (b) kapag magdudulot ang pagpapahintulot ng ESA ng malaking pagbabago sa negosyo ng provider ng pabahay, o (c) kapag nagdudulot ang hayop ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba (sa madaling salita, ng malaking panganib ng pagkapinsala ng katawan) o magdudulot ito ng makabuluhang pisikal na pinsala sa ari-arian ng iba, at hindi sapat na mababawasan o maaalis ng makatuwirang pagpapaunlak ang panganib na iyon. Dapat gawin ang pagtukoy na ito ayon sa sitwasyon at dapat ay nakabatay ito sa mapagkakatiwalaan at walang kinikilingang katibayan, at hindi sa mga stereotype o pagpapalagay.<sup>11</sup>

### 9 | Maaari bang mag-alaga ng higit sa isang ESA ang sinuman?

Oo. Kapag humiling ang isang nangungupahan o residente ng makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng higit sa isang ESA, dapat pangkalahatang sundin ng mga provider ng pabahay ang patnubay sa Mga Madalas Itanong #3 - #8. Kung hindi nakikita ang pangangailangan para sa maraming ESA, maaaring humiling ang provider ng pabahay ng dokumentasyong nagbeberipika sa pangangailang nauugnay sa kapansanan para sa maraming hayop o karagdagang hayop kapag mayroon na ang indibidwal. Gayunpaman, maaaring isaalang-alang ng provider ng pabahay kung ang kabuuang epekto ng maraming hayop sa parehong yunit ng pabahay ay katumbas ng hindi nararapat na pasanin o malaking pagbabago sa programa sa pabahay. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa Mga Madalas Itanong #8 “Kailan maaaring tanggihan ng provider ng pabahay ang kahilingan para sa ESA na tumutulong sa sinuman na pamahalaan ang kanyang kapansanan?”

### 10 | Maaari bang maningil ang provider ng pabahay ng singil o upa para makapag-alaga ng ESA?

Hindi. Hindi maaaring maningil ang mga provider ng pabahay sa sinumang may ESA ng “deposito para sa alagang hayop,” “upa para sa alagang hayop,” o anupamang singil o upa dahil sa ESA, kahit na sinisingil nila sa iba pang nangungupahan ang mga naturang karagdagang singil, deposito, o upa. Dagdag dito, hindi maaaring iatas ng provider ng pabahay sa sinumang may ESA na kumuha ng insurance sa pananagutan na sumasaklaw sa hayop. Gayunpaman, maaaring iatas sa indibidwal na may ESA na saklawin ang mga gastos sa mga pagkukumpuni para sa mga pinsalang naidulot ng hayop sa gusali, hindi kasama ang natural na pagkasira at pagkaluma dahil sa paggamit.<sup>12</sup>

11 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12185(c).

12 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12185(d).

### 11 | **Maaari bang limitahan ng provider ng pabahay ang lahi, laki, o timbang ng mga ESA?**

Hindi. Ipinagbabawal ang mga paghihigpit sa lahi, laki, o timbang ng mga ESA, kasama ang mga paghihigpit na ipinapatupad ng mga kompanya ng insurance. Gayunpaman, batay sa sitwasyon, maaaring tanggihan ng mga provider ng pabahay ang kahilingan para sa ESA na nagdudulot ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba o magdudulot ng malaking pisikal na pinsala sa ari-arian ng iba.<sup>13</sup> Halimbawa, magiging labag sa batas ang isang patakarang nagbabawal sa mga nangungupahan na mag-alaga ng mga pit bull; gayunpaman, kung ang isang partikular na pit bull ay regular na umuungol sa o sinusubukang kagatin ang iba pang nangungupahan sa ari-arian at hindi sapat na makakabawas ang iba pang makatuwirang pagpapaunlak sa panganib na may sinumang makagat ang aso, maaaring makatuwiran lang na tanggihan ng provider ng pabahay ang makatuwirang pagpapaunlak para alagaan pa rin ng nangungupahan ang partikular na asong iyon bilang ESA. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa Mga Madalas Itanong #8 “Kailan maaaring tanggihan ng provider ng pabahay ang kahilingan para sa ESA na tumutulong sa sinuman na pamahalaan ang kanyang kapansanan?”

### 12 | **Kung may ESA ang sinuman bilang makatuwirang pagpapaunlak, anong uri ng mga tuntunin ang maaaring ipatupad ng provider ng pabahay sa hayop?**

Maaaring magpatupad ng mga makatuwirang kondisyon sa paggamit ng ESA para matiyak na nakokontrol ito ng indibidwal na may kapansanan o ng indibidwal na maaaring tumutulong sa indibidwal na may kapansanan, tulad ng mga paghihigpit sa pagtatapon ng basura at pag-uugali ng hayop na maaaring magdulot ng istorbo, hangga't hindi napipigilan ng mga kondisyon ang normal na pagsasagawa ng mga tungkulin ng hayop. Halimbawa, ang walang tigil na pagtahol ng aso para sa emosyonal na suporta ay maaaring labag sa mga makatuwirang paghihigpit na nauugnay sa istorbo. Hindi maaaring mas mahigpit ang anumang naturang kondisyon kaysa sa mga ipinapatupad sa ibang hayop sa ari-arian.

### 13 | **Binago ba ng Assembly Bill 468 ang batas ng California hinggil sa patas na pabahay tungkol sa mga ESA?**

Hindi. Noong 2021, ipinatupad ng California ang Assembly Bill 468, na, bukod sa iba pang bagay, nag-aatas sa negosyong nagbebenta ng mga vest, tag, o sertipikasyon para sa mga aso para sa emosyonal na suporta at/o ESA na abisuhan ang bumibili na hindi partikular na sinanay ang ESA para maging panserbisyong aso at hindi ito kwalipikado para sa mga karapatan at pribilehiyong ibinibigay ng batas sa mga panserbisyong aso. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panserbisyong hayop, tulad ng mga asong panggabay at asong panghudyat, sumangguni sa Mga Madalas Itanong #2 “Ang ESA ba ay isang panserbisyong hayop?”) Nagpapataw din ang AB 468 ng ilang kondisyon sa mga practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng dokumentasyong may kaugnayan sa pangangailangan ng isang indibidwal para sa aso para sa emosyonal na suporta. Mahalagang tandaang ang AB 468 ay hayagang hindi “pinaghihigpitan o binabago ang umiiral na pederal na batas at batas ng estado na nauugnay sa mga karapatan ng isang tao para sa makatuwirang pagpapaunlak at pantay na access sa pabahay,”<sup>14</sup>

13 Batas ng California hinggil sa Mga Regulasyon, pamagat 2, § 12185(d).

14 Batas sa Kalusugan at Kaligtasan § 122319(b).

at ipinasasawalang-bisa ng Batas sa Patas na Trabaho at Pabahay ang anumang batas ng estado sa hangganang isinasaad nitong atasan o pahintulutan ang anumang labag sa batas na diskriminasyon sa pabahay, kasama ang pagtatanggi ng mga makatuwirang pagpapaunlak.<sup>15</sup> Samakatuwid, dapat payagan ng mga provider ng pabahay ang mga makatuwirang pagpapaunlak para sa mga ESA sa ilalim ng mga tuntuning inilarawan at binanggit sa Mga Madalas Itanong na ito, kasama ang mga umiiral na tuntunin tungkol sa kung anong uri ng dokumentasyon ang nagtataguyod ng pangangailangan ng sinuman para sa makatuwirang pagpapaunlak na mag-alaga ng ESA na nauugnay sa kapansanan.

---

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa CRD.

### PARA MAGHAIN NG REKLAMO

#### Departamento ng Mga Karapatang Sibil

[calcivilrights.ca.gov/complaintprocess](http://calcivilrights.ca.gov/complaintprocess)

Walang Bayad: 800.884.1684

TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang pagpapaunlak, maaari kang tulungan ng CRD sa iyong reklamo. Makipag-ugnayan sa amin gamit ang anumang paraang nasa itaas, o para sa mga indibidwal na bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711).

Para sa mga karagdagang pagsasalang-wika ng gabay na ito, bisitahin ang:

[www.calcivilrights.ca.gov/posters/Housing](http://www.calcivilrights.ca.gov/posters/Housing)

---

15 Kodigo ng Gobyerno § 12955.6.